# PANGAMBANG DULOT NG PANDEMYA

*by:*
**Reysie S. Inieto**

Lahat tayo ay apektado ng kasalukuyang pandemya ng COVID-19. Gayun pa man, ang epekto o suliranin ng pandemya at ang mga kahihinatnan at patutunguhan nito ay nararamdaman ng iba depende sa ating katayuan sa buhay bilang mga indibidwal at bilang mga miyembro ng lipunan.Sa gitna ng COVID-19 pandemic sa buong mundo, patuloy din ang ating pagharap sa hamong ito. Ilan na lamang dito ay ang pagkawala ng ating mga mahal sa buhay, hindi biro ang ating nararanasan na ito, spagkat marami ang namatay, nagutom, at nawalan ng trabaho. Kung ating sisipatin ang bawat aspeto ay pangamba ang naging dulot nito sa'tin, naging komplikado ang ating sitwasyon sapagkat maraming estudyante ang napasubok sa pag-aaral sa pamamagitan ng online learning, pati na rin ang mga guro, lahat tayo ay nahirapan ukol sa pagsasaayos nito. Ang krisis sa COVID-19 ay hindi lamang mga hamon, pagkontrol at krisis pamamahala, ngunit maaari ring magkaroon ng pang matagalan at malalim na epekto sa estado, lipunan at internasyonal na kooperasyon. May mga lumalagong pahiwatig na ang mundo ay magiging kakaiba pagkatapos ng krisis. Ayon sa mga obserbasyong ito, ang krisis sa COVID-19 ay magmarka ng pagbabago. Dahil ang COVID-19 ay pumapatay ng mga tao sa malawakang saklaw. Ngunit kamakailan lamang ang datos ng mga apektado sa covid-19 ay bumaba na, unti unti na ring bumabalik sa dati ang lahat, nagsisimula nang magkaroon ng face-to-face classes at ang pagbabyahe sa ilang lugar. Nabawasan na ang paggamit ng face shield, at iba pang gamit sa pag iwas sa krisis. Nanumbalik na ang pagbubukas ng mga paaralan, galaan at iba pa. Natamo kong napakahirap ng sitwasyon sa gitna ng pandemya tila isang kahindik-hindik na panaginip ang ating nasaksihan ngunit ito ay kailangan nating malampasan kaya naman halina't bumangon muli mula

sa pagkakalugmok at tulungan ang bawat isang makabangon sa pandemyang kinakaharap natin ngayon.

*References:*

Buhay Sa Panahon Ng Pandemya Talata (panahonhanggangngayon.blogspot.com)

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan